JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


1

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan – Modyul 7: Pagsunod at Pagtupad ng mga Alituntunin sa Paaralan



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat**: Jackie Lou L. Villanueva
Russel R. Pegalan

**Editor**: Miriamita L. Labrado

**Tagasuri**: Evelyn O. Capadngan
Gregelyn D. Leonardo
Miriamira L. Labrado

**Tagaguhit/Tagakuha ng larawan**: Juan Claude Calven C. Basin

**Tagalapat**: Russel R. Pegalan

**Tagapamahala**: Marajani M. Jacinto, Ed.D. CESO VI
OIC, Schools Division Superintendent

Visminda Q. Valde, Ed.D
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Raymond M. Salvador, Ed.D
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Juliet A. Magallanes, Ed. D
CID Chief

Florencio R. Caballero, DTE
EPS-LRMDS

Alma L. Carbonilla, Ed.D
EPS-Araling Panlipunan



# Alamin

Ang Modyul na ito ay ginawa upang malaman ang pagtupad sa mga alituntunin ng paaralan.Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. Nakasaad dito ang kumpetensi na tatalakayin at hihimayin sa aralin ng linggong ito. Pagkatapos mapag-aralan ang modyul na ito, inaasahang ikaw ay:

Nabibigyan-katwiran ang pagtupad sa mga alituntunin ng paaralan. **(AP1PAA-IIIe-10)**



# Balikan

Panuto: Lagyan ng tsek (√) ang patlang kung ang pangungusap ay nagpapakita ng pagtulong o naiambag ng paaralan sa iyong buhay at sa komunidad, ekis (x) kung hindi ito naipakita.

_____1. Ang mga guro ay namumuno sa pagtatanim ng mga punongkahoy.

_____2. Nagturo sa mga kabataan sa pagbasa at pagsulat

_____3. Pinagalitan ng guro ang batang hindi nakapag-ayos ng buhok.

_____4. Nagkaroon ka ng maraming kaibigan.

_____5. Nalalaman mo kung ano ang mabuti at masama.

| Aralin 7 | Pagsunod at Pagtupad ng mga Alituntunin saPaaralan |
| --- | --- |



## Tuklasin

Bakit kailangang sumunod sa mga alituntunin ng inyong paaralan? Basahin ang maikling kwento.

**ANG BATANG SI KARINA**

Ang batang si Karina ay masigasig sa kanyang pag- aaral. Siya ay nasa unang baitang ng Mababang Paaralan ng Upper Landing. Ika-anim pa lang ng umaga ay handa na siya sa pagpasok. Suot niya ang kanyang malinis na uniporme at ID kard na pagkikilanlan sa kanya. Sabi ng kanyang guro na si Binibining Santos na dapat ay nasa paaralan na sila sa ganap na ikapito ng umaga para sa seremonya ng pagtaas ng watawat. Sa pagtaas ng watawat dapat ang lahat ay nakatindig ng mabuti habang nakatingin at kinakanta ang Lupang Hinirang bilang pagpapakita ng paggalang at respeto sa watawat ng Pilipinas.

Mga Tanong:

1. Sino ang batang masigasig sa kanyang pag-aaral?

2. Ano ang mga alituntunin na ipinatutupad sa paaralan nina Katrina?

3. Nakakasunod ba si Karina sa sinabi ng guro na dapat ay nasa paaralan na sila sa ganap ng ikapito ng umaga at ang mga nararapat gawin habang itinataas ang watawat ng Pilipinas? Bakit?

4. Kailangan bang sumunod sa mga alituntunin ng inyong paaralan? Bakit?



# Suriin

May iba't-ibang alituntuning ipinatutupad sa inyong paaralan. Ito ay kusang-loob na sundin. Mahalagang sumunod sa mga altuntunin upang mapanatili ang kaayusan at katahimikan nito. Makabubuti rin ang mga ito sa pagpapanatili ng mabuting samahan ng mga mag-aaral at mga guro.

Halimbawa:

1. Magsuot ng tamang uniporme
2. Maagang pumasok sa paaralan
3. Pumila sa panahon ng pagtaas at pagbaba ng watawat.
4. Panatilihin ang kalinisan at kaayusan sa loob ng paaralan
5. Sundin ang babalang nakasulat sa ating paaralan
6. Magpaalam sa guro kung ibig mong lumabas
7. Huwag sirain ang mga gamit sa paaralan.



# Pagyamanin

Panuto: Iguhit ang ☺ kung ang pahayag ay nagsasaad sa pagtupad ng mga alituntunin sa paaralan at ☹ kung hindi. Iguhit ang sagot sa patlang.

_____1. Ingatan ang mga kagamitan at ibahagi ito sa mga bata

_____2. Huwag sundin ang babalang nakasulat sa paaralan

_____3. Magpaalam sa guro kung ibig mong lumabas ng klase

_____4. Sirain ang mga gamit sa paaralan

_____5. Panatilihin ang katahimikan sa silid-aklatan



# Gawain

**Panuto:** Pag-aralan ang bawat sitwasyon. Isulat sa sagutang papel ang **TAMA** kung kailangang sumunod sa mga alituntunin ang mga mag aaral at **MALI** naman kung hindi.

1. Isa sa mga tuntunin ng paaralan ang paghihiwalay ng basura sa nabubulok at hindi nabubulok. Itinapon ni Nena ang plastik na bote sa nabubulok.
2. Mahigpit na ipinagbilin ng punong-guro ang mapanatiling malinis ang paaralan. Nakakita ng lapis si Nestor at sinulatan niya ang pader ng kanilang silid-aralan.
3. Ikapito at kalahati ang simula ng klase ni Elsa pero ikawalo na siya dumating dahil tinanghali siya ng gising.
4. Nakikinig sa klase ang matalinong si Ana dahil ibig niyang makakuha ng malaking marka.
5. Iniiwasan ko ang pakikipag- away sa aking mga kaklse dahil gusto kong mapanatili ang aming magandang samahan.



# Isaisip

**Panuto:** Hanapin sa loob ng kahon ang tamang katwiran sa pagtupad ng alintuntunin sa paaralan. Piliin ang titik at isulat sa patlang.

| |
|---|
| A. Makakuha ng mataas na marka sa asignatura |
| B. Mahal ko ang ating bansa |
| C. Makasali sa seremonya ng pagtataas ng watawat |
| D. Maraming matutunan sa mga leksyon ng guro |
| E. Magandang tingnan ang kalinisan at kaayusan ng paaralan |

_______1. Itinapon sa basurahan ang mga kalat

_______2. Iniiwasan ko ang pakikipagdaldalan sa aking katabi habang may klase

_______3. Inaawit ko ang Lupang Hinirang na may paggalang

_______4. Maaga akong pumasok sa paaralan

_______5. Ginagawa ko ang aking takdang aralin



# Tayahin

Panuto: Hanapin sa Hanay B ang mga tamang katwiran ng mga larawan ng alituntunin sa paaralan sa Hanay A. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang bago ang bilang.

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| _____1.  | A. Mapanatiling malinis ang kapaligiran ng paaralan. |
| _____2.  | B. Maipapakita ang paggalang at respeto sa mga nakakatanda sa loob ng paaralan. |

| | |
|---|---|
| _____3.   | C. Maipapakilala ang pagkakakilanlan kung saan ka nag-aaral. |
| _____4.  | D. Maipapakita ang pagiging makabayan na may respeto at disiplina sa sarili. |
| _____5.  | E. Mapanatili ang kaayusan at magiging mabilis ang pagbili ng mga mag-aaral. |



# Karagdagang Gawain

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat sa sagutang papel ang inyong sagot.

1. Bakit kailangang sundin ang mga alituntunin ng paaralan?
   A. Dahil magagalit ang guro namin
   B. Dahil mababa ang marka kung hindi ito susundin
   C. Dahil ito'y tungkulin na dapat sundin para mapanatili ang kaayusan at katahimikan sa paaralan
   D. Dahil bibigyan ako ng premyo kung susundin ang mga alituntunin ng aming paaralan

2. Napagkasunduan ng dalawang magkaibigan na sina Rosa at Linda na pumasok sa silid- aklatan para magbasa ng paborito nilang aklat. Napasarap ang kanilang kwentuhan at nakalimutan nilang may mga alituntunin ng silid aklatan. At isa sa mga ito na bawal ang mag-ingay sa loob nito. Ano ang dapat gawin ng dalawang magkakaibigan?

A. Magbasa ng tahimik at iwasan ang pag-iingay

B. Wala silang pakialam at ipagpapatuloy nila ang pagkukwentuhan

C. Wala naman masyadong estudyante sa loob kaya okey lang na mag-ingay sila.

D. Hihintayin nilang maingayan ang librarian at saka na sila hihinto sa pagkukwentuhan.

3. Bago mag-uwian, isa sa napagkasunduan ninyong alituntunin sa loob ng inyong klase na "Kalat ko, Linis ko". Bakit kailangang sundin ito?

A. Dahil ito ang napagkasunduan kaya wala akong magagawa

B. Dahil nakakatulong itong mapadali at mapanatili ang kalinisan ng silid aralan

C. Dahil gingawa ng mga kaklase ko kaya susunod na rin ako

D. Wala sa nabanggit

4. Alin sa mga sumusunod na sitwasyon ang nagpakita ng pagsunod ng alituntunin sa loob ng inyong paaralan.

A. Tumutulong sa pagpapanatili ng kalinisan sa loob at labas ng paaralan.

B. Mag-iingay ng malakas kahit may klase sa ibang silid.

C. Nakikipagkwentuhan sa katabi habang nagsasalita ang guro.

D. Tinatapon kahit saan ang mga basura.

5. Sa palagay mo, nakakatulong kaya ang pagsunod ng mga alituntunin sa inyong paaralan sa paghubog ng iyong pagkatao? Bakit?

A. Opo, dahil ito ay nagsisilbing gabay sa mali at tamang gawain.

B. Opo, dahil matutuwa ang titser namin

C. Hindi, dahil minsan hindi ko nasusunod ang mga alituntunin.

D. Hindi, dahil tinatamad ako minsan



# Susi sa Pagwawasto

**Balikan** **Tuklasin**

1.√ 1. Karina

2.√ 2. a.Magsuot ng malinis na

3. X uniporme at ID card.

4.√ b. Pumila sa seremonya ng pagtaas ng watawat

5.√ c. Tumayo ng mabuti habang nakatingin at kinakanta ang Lupang Hinirang bilang pagpapakita ng paggalang at respeto sa watawat ng Pilipinas

3. Oo, dahil maaga siyang gumising

4. Oo, para mapanatili ang katahimikan at kaayusan ng paaralan

| **Pagyamanin** | **Gawain** | **Isaisip** |
|---|---|---|
| 1. ☺ | 1. Mali | 1. E |
| 2. ☹ | 2. Mali | 2. D |
| 3. ☺ | 3. Mali | 3. B |
| 4. ☹ | 4. Tama | 4. C |
| 5. ☺ | 5. Tama | 5. A |

| **Tayahin** | **Karagdagang Gawain** |
|---|---|
| 1. C | 1. C |
| 2. A | 2. A |
| 3. B | 3. B |
| 4. E | 4. A |
| 5. D | 5. A |

**Sanggunian**


K-12 Curriculum Guide

Araling Panlipunan 1 (Unang Edisyon 2017

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos, Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.